Ang lahat ng patay ay seselyuhan siya sa kanyang gawain, maliban sa isang makikidigma sa landas ng Allah, dahil lalago o aagos sa kanya ang kanyang gawain hanggang sa Araw ng Pagkabuhay, at maliligtas siya sa tukso o pagsubok sa loob ng puntod.

Mula kay Fadhalah Bin Ubaid at Salman Al-farisiy at Uqbah Bin A'meer Al-juhaniy - Malugod ang Allah sa kanila- Marfuw'an: ((Ang lahat ng patay ay seselyuhan siya sa kanyang gawain, maliban sa isang makikidigma sa landas ng Allah, dahil lalago o aagos sa kanya ang kanyang gawain hanggang sa Araw ng Pagkabuhay, at maliligtas siya sa tukso o pagsubok sa loob ng puntod))

[Tumpak] [Isinaysay ito ni At-Tirmidhīy - Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud - Isinaysay ito ni Imām Aḥmad]

Ang bawat patay ay mapuputol ang kanyang gawain dahil sa kamatayan at hindi na isusulat sa kanya ang kanyang panibagong gantimpala, maliban sa isang mandirigma sa landas ng Allah na nag-babantay sa tangwa o hangganan ng mga muslim, sa pagka't tiyak ang Allah ay gagawaran niya siya ng pagkapanatili ng kabutihan ng kanyang gawain, at maliligtas siya sa kasamaan ng pagsubok sa puntod at hindi siya tatanungin ng dalawang Anghel

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/2756